

Short Paper

Balidasyon ng MELC-based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik

(Validation of MELC – BASED Learning Activity Sheets in Filipino in Piling Larang Academic)

John Emil D. Estera

Juban National High School

Sorsogon State University, Philippines

johnemil.estera@deped.gov.ph

0000-0001-8286-0554

Susan S. Janer

Sorsogon State University, Philippines

sihjaner@sorsu.edu.ph

Date received: December 31, 2021

Date received in revised form: January 9, 2022

Date accepted: January 10, 2022

Recommended citation:

Estera J. D., & Susan, J. S. (2022). Balidasyon ng MELC-based learning activity sheets sa Filipino sa piling larang akademik. *Puissant*, 3, 366-380.
<https://doi.org/10.5281/zenodo.5835409>

Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong mabalido ang MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Piling Larang Akademik. Malaman ang lebel ng na debelop na MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik batay sa nilalaman, pormat, pesentasyon at organisasyon, at kawastuhan. Ang mga mungkahi at komento sa MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik. Ang disenyong deskriptib-Sarbey ang ginamit sa paglikom ng mga datos na kinailangan sa pag-aaral Sa pagkuha ng performance lebel ng mga mag-aaral pinagbatayan ang resulta ng lagumang pagsusulit na nakabatay sa nabuong MELC-Based Learning Activity Sheets. Ang iskalang ginamit ay mula sa Deped order no 8 s. 2015, Policy Guidelines on Classroom assessment for K to 12 Basic education Program sa pagkuha ng deskripsyon ng kinalabasang resulta. Sa balidasyon ng MELC-Based Learning Activity Sheets ginamit ng mga eksperto ang tseklis na mula sa Learning Resource Management and Development System (LRMDS). Batay sa datos ang nabuong apat na MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik ang performance lebel ng mga mag-aaral sa



asignaturang Filipino sa Piling Larang Akademik ay may deskripsyong kasiya-siya na nangangahulugan na ito ay may malaking tulong upang mapataas ang performance lebel ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ito ay epektibo at mabisa upang maging tulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Piling Larang Akademik. Iminumungkahi ng mananaliksik na ang nabuong MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik ay maaaring gamitin bilang kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto hindi lamang sa distance learning pati na rin sa harapang pagtuturo. Gayundin ang pagbabalangkas ng mga kagamitang pampagkatuto lalo na sa panahong katulad ng pandemya at sa harapang pagtuturo.

Mga Susing Salita – MELC-Based Learning Activity Sheets, Filipino Sa Piling Larang Akademik, Balidasyon

Abstract (English translation)

This study aims to validate the MELC-Based Learning Activity Sheets in Filipino Piling Larang Academic. Identify the level of the developed MELC-Based Learning Activity Sheets in Filipino in Piling Larang Academic based on content, format, presentation, association, and correctness. Suggestions and comments on MELC – Based Learning Activity Sheets in Filipino in Piling Larang Academic. Descriptive – A survey designed is used in gathering data needed in the study. On the data gathering on the performance level of the students, the Summative Test is used as the basis aligned on the MELC – BASED Learning Activity Sheets. The scale used is based on DepEd Order No. 8 s. 2015, Policy Guidelines on Classroom Assessment for K to 12 Basic education Program in getting the description of the output result. On validating the MELC-Based learning Activity Sheets the checklist from Learning Resource Management and Development System was used by the experts. Based on the data the four teacher-made MELC – BASED Learning Activity Sheets in Filipino in Piling Larang Academic, the student's performance level on the MELC – BASED Learning Activity Sheets in Filipino in Piling Larang Academic have an outstanding description which means that there is a greater help to improve the students' level of performance. Therefore, this is effective and advantageous as an aid to the students in Filipino of MELC – BASED Learning Activity Sheets in Filipino in Piling Larang Academic can be used as instructional materials and teaching materials not only on the distance learning modality but also in face-to-face instruction. Also, the preparation of the instructional materials, especially in times of pandemics.

Keywords – MELC-BASED Learning Activity Sheets, Filipino, Piling Larang Academic, Validation

INTRODUKSYON

Ang COVID-19 ay lumikha ng pinakamalaking paggambala ng sistema ng edukasyon sa kasaysayan ng tao. Ito ay nakaapekto sa halos 1.6 bilyong mga nag-aaral sa higit sa 200 mga bansa. Ang mga pagsara ng mga paaralan, institusyon at iba pang mga lugar sa pag-aaral ay nakaapekto sa higit sa 94% ng populasyon ng mag-aaral sa buong mundo. Ito ay nagdala ng malawakang pagbabago sa lahat ng aspeto ng buhay dahil sa paghihigpit ng mga patakaran at sa tradisyunal na kasanayan sa edukasyon (Pokhrel & Chhetri, 2021).

Ayon sa paninindigan ng UNESCO, ‘Ang edukasyon ay hindi maaaring maghintay. Kapag itinigil ang pag-aaral, talo tayo. Sa gayon, ang matugunan ang edukasyon ang pinakamahalaga sa panahong ito (UNESCO, 2017). Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Pilipinas ay nagpatibay ng isang mas madali at alternatibong batayan sa makatarungan na mga pamaraan ng pag-aaral na tumutugon sa mga katangian ng mga mag-aaral, tulad ng kanilang mga hilig, pangangailangan, karanasan, kakayahan, kultura at mga istilo sa pag-aaral, at mga kasalukuyang sitwasyon na kung saan ay isang mahalagang paraan upang ang edukasyon ay abot ng bawat mag-aaral. Sa gitna ng pandaigdigang krisis sa pang-edukasyon na ito, patuloy pa rin sa misyon na magbigay ng kalidad na edukasyon sa pamamagitan ng pag-debelop, makalidad na paggawa ng mga kagamitan sa pag-aaral tulad ng mga modyul at mga Learning Activity Sheet (LAS).

Alinsunod sa DO no. 018, s. 2020 (2020) policy guidelines for the provision of learning resources in the implementation of the basic education learning continuity plan ng DepEd ay maglulunsad ng isang komprehensibong Learning Continuity Plan (LCP) na tutugon sa mga hamon kabilang ang mga kinakailangang pagsasaayos sa kurikulum, pagkakahayan ng mga materyales sa pagkatuto, at karampatang suporta para sa mga guro at magulang. Nagpalabas din ang Kagawaran ng Most Essential Learning Competencies (MELCs) na gagamitin ng mga paaralan sa bansa. Tanging pinakamahalagang kasanayan na dapat makuha ng mga mag-aaral at mabawasan ang pasanin sa pamamagitan ng pag-aakma ng aralin sa malayong pag-aaral. Isa na rito ang E-learning na mga kagamitang ng pagkatuto ay ginampanan ang isang mahalagang papel sa panahon ng pandemyang ito, na tumutulong sa mga paaralan at unibersidad na mapabilis ang pagkatuto ng mag-aaral sa pagsara ng mga unibersidad at paaralan (Subedi et al., 2020). Ngunit ang pag-aaral sa pamamagitan ng nakalimbag at digital na modyul ay pinaka ginustong pamamaraan ng pag-aaral ng mga magulang na may mga anak na nakatala sa taong panuruan (Bernardo, 2020). Ito rin ay isinasaalang-alang ng mga nag-aaral sa mga lugar sa kanayunan kung saan mahina o walang internet access para sa online na pag-aaral.

Ang kasanayan sa pagsulat ay isa sa limang makrong kasanayan kasama ng pakikinig, pagbasa, pagsasalita, at panonood na kailangang hasain sa mga mag-aaral ng asignaturang Filipino tungo sa mabisang paghahatid ng ideya o kaisipan gamit ang wikang pambansa. Sa pamamagitan ng pagsulat, naipamamalas ng mag-aaral ang antas ng

kaniyang kahusayan sa pagsasaayos ng mga kaisipan, pagkakaroon ng malawak na talasalitaan, kaalaman sa kayarian ng wika, at lawak ng kaalaman sa paksang isinusulat (Cabigao 2012). Ito rin ay isang paraan ng pagpaparating ng isip at damdamin ng isang tao. Kaya't mahalagang taglayin ng bawat indibiduwal ang kasanayan sa pagsulat at magamit ito nang mahusay para sa kaniyang pag-unlad.

Ayon pa kay Abesamis (2006), upang ganap na matutuhan ang mga estilo, pangangailangan, paraan, kasanayan, tuntunin at kalikasan ng pagsulat, kinakailangang ganap na maipaliwanag sa mga mag-aaral kung ano ang pagsulat. Kinakailangang maunawaan nilang mabuti ang bawat detalye na bumubuo at nagbibigay kalinawan sa gawaing ito.

Ang Filipino sa Piling Larang Akademik ay isa sa mga applied na asignatura sa Senior High School. Binibigyan pansin nito ang pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating linilina sa mga kakayahang magpahayag tungo sa mabisa, mapanuri, at masinop na pagsusulat sa piniling larangan. Ayon kina Julian at Lontoc (2016), ang pagsulat ay isa rin sa mga dapat pagtuonan ng pansin na malinang at mahubog sa mga mag-aaral sapagkat dito masusukat ang kanilang kahandaan at kagalingan sa iba't ibang disiplina. lilan lamang ang pagkukunan ng mga impormasyon na maaaring magamit sa pagkatuto ng asignaturang Filipino sa piling larang (akademik) kaya't ang pagkakaroon ng karagdagang kagamitang katulad ng Learning Activity Sheet sa asignaturang ito ay malaking tulong sa mga mag-aaral bilang kagamitan sa pampagkatuto lalo na sa kasalukuyang krisis sa edukasyon. Ang mga kagamitan sa pagkatuto ay maaaring dagdagan ang mga nakamit ng mga nag-aaral sa pamamagitan ng pagsuporta sa pag-aaral. Ang prosesong ito ay tumutulong sa daloy ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mag-aaral na siyasatin ang kaalaman nang nakapag-iisa pati na rin ang pagbibigay ng pag-uulit (Purpose of Teaching and Learning Materials, 2020).

Ayon kina Jayaram at Dorababu (2015), kahit sa mga progresibong mga bansa sa mundo kung saan naroon ang teknolohiya ay nagdulot ng mga rebolusyonaryong pagbabago sa sistema ng pang-edukasyon, ang nakalimbag na materyal pa rin ang pinaka mahalagang paraan sa pagbibigay ng karunungan sa libu-libong mga nag-aaral sa malalayong bahagi. Ayon din sa pag-aaral nina Rogayan at Dollete (2019), ang kamakailang pagpapatupad ng K-12 curriculum sa Pilipinas, hinahamon ang mga guro na bumuo ng may kaugnayan, batay sa pananaliksik, at tumutugon sa mga kagamitan sa pagtuturo. Sa kasalukuyan, kakaunti ang mga sanggunian na kagamitan para sa inihanda na kinakailangan ng Senior High School (SHS). Nabanggit rin sa pag-aaral nina Discaya at Marbella (2021) na may kakulangan ang mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino sa Piling Larang na naaayon sa strand na tinuturuan. Lalo't na sa kasalukuyang sitwasyon ng pag-aaral ay mas nangangailangan ang mga mag-aaral at mga guro ng karagdagang mga kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang.

Ang pangangailangang at siyang hinihingi sa makabagong edukasyon na mapadali at magkaroon ng isang makabuluhang pagkatuto ang siyang nag-udyok sa mananaliksik

upang magsagawa ng pag-aaral sa MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik. Sa puntong ito hangad ng mananaliksik na kapag-ambag sa larangan ng pagtuturo ng kagamitang lubos na makakatulong sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa kasalukuyang panahon. Binigyan pansin ang lebel ng mga mag-aaral at lebel ng pagtanggap ng kagamitan upang makatulong sa guro at mag-aaral.

Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang mga sumusunod na pahayag:

1. Ano ang performance lebel ng mga mag-aaral gamit ang MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik?
2. Ano ang lebel ng pagtanggap ng mga guro sa MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa
 - a. Nilalaman;
 - b. Pormat;
 - c. Presentasyon at Organisasyon; at
 - d. Kawastuhan?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang layunin ng mananaliksik ay mabalido ang MELC Based Learning Activity Sheet sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang Akademik na magagamit ng mga mag-aaral at guro bilang kagamitan sa pagkatuto ng mga aralin. Bukod pa rito, magagamit ito ng mga guro sapagkat ito ay nakabatay sa Most Essential Learning Competencies (MELC) na siyang batayan ng mga mga aralin sa kasalukuyang panahon. Deskribib-Sarbey ang ginamit na disenyo sa paglikom ng mga datos na kinakailangan sap ag-aaral.

Kalahok

Ang mga kalahok ng pag-aaral ay binubuo ng limangpu't apat (54) na mag-aaral ng General Academic Strand 1 ng Juban National High School – Senior High Department sa taong panuruan 2021-2022 at sampu (10) na mga Senior High School - Master Teacher sa Division ng Sorsogon na mga eksperto sa asignaturang Filipino. Purposive sampling ang ginamit ng mananaliksik sa pagkuha ng mga kalahok ng pag-aaral.

Instrumento

Sa pagkuha ng performance lebel ng mga mag-aaral gamit ang MELC-Based Learning Activity Sheets pinagbatayan ang resulta ng lagumang pagsusulit ng mga mag-

aaral na nakabatay sa nabuong MELC-Based Learning Activity Sheets. Ang iskalang ginamit ay mula sa Deped order no 8 s. 2015, Policy Guidelines on Classroom assessment for K to 12 Basic education Program sa pagkuha ng deskripsyon sa kinalabasang resulta ng performance lebel ng mga mag-aaral.

Ang learning activity sheet bilang 1 – Ang akademikong Pagsulat, bilang 2 – Replektibong Sanaysay, bilang 3 – Panukalang Proyekto, at bilang 4 – Bionote ang mga nabuong aralin sa Piling Larang Akademik. Sa pagkuha ng lebel ng pagtanggap ng apat na Learning activity sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik ginamit ng mga eksperto ang tseklis na mula sa Learning Resource Management and Development System (LRMDS) batay sa sumusunod na bahagi: (1) Nilalaman, (2) Pormat, (3) Presentasyon at Organisasyon, at (Kawastuhan). Ito ay minodipika at isinalin sa wikang Filipino nang sa gayo’y magamit ayon sa pangangailangan at maging konsistent ang pag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. Bukod pa rito, isinama ang mungkahi at komento sa talasagutan para sa mga ekspertong nagbalido ng MELC-Based Learning Activity Sheets.

Paraan ng Paglikom ng mga Datos

Ang nalikom na datos sa pag-aaral na ito ay mula iskor ng mga mag-aaral sa kanilang lagumang pagsusulit at mga gurong nagbalido ng apat na MELC-Based Learning Activity Sheets sa Piling Larang na mga kalahok at saklaw sa pag-aaral na ito. Ito ay naisagawa sa pamamagitan ng liham-pahintulot upang mapabatid at pagtibayin ang isasagawang pag-aaral.

Paraan ng Pagsusuri ng mga Datos

Isinailalim sa iba’t ibang estatistika ang mga nakalap na datos at kasagutan ng mga kalahok upang masuri, maanalisa at mabigyan ng interpretasyon. Ginamit ang bahagdan at mean para mabatid ang performance lebel ng mga mag-aaral gamit ang MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik at lebel ng pagtanggap ng mga guro sa MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa Nilalaman; Pormat; Presentasyon at Organisasyon; at Kawastuhan.

Ang iskalang ginamit ay mula sa sa Deped order no 8 s. 2015, Policy Guidelines on Classroom assessment for K to 12 Basic education Program sa pagkuha ng diskripsyon sa kinalabasang lebel ng mga mag-aaral at mula sa Learning Resource Management and Development System (LRMDS) sa pagkuha ng diskripsyon sa kinalabasang lebel ng pagtanggap ng mga guro sa MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa Nilalaman; Pormat; Presentasyon at Organisasyon; at Kawastuhan.

NATUKLASAN

Inilahad sa bahaging ito ay naglalaman ng interpretasyon at pag-aanalisa sa mga nakalap na datos buhat sa mga kalahok ng pag-aaral na ito. Gumamit ng mga talahanayan para ilahad ang mga datos upang maayos na maipakita ang pag-aanalisa at interpretasyon sa mga ito.

Performance lebel ng mga mag-aaral gamit ang MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik

Ang nabuong MELC-Based Learning Activity Sheets ay ipinagamit sa mga mag-aaral ng ikalabing-isa General Academic Strand 1. Nilalayan nito na matukoy ang performance lebel ng mag-aaral gamit ang nabuong kagamitan. Makikita sa Talahanayan 1 ang performance lebel ng mga mag-aaral gamit ng MELC-Based Learning Activity Sheets batay sa lagumang pagsusulit ng mga mag-aaral. makikita rito ang mean at bahagdan ng puntos at interpretasyon sa bawat Learning Activity Sheets.

Talahanayan 1. Performance lebel ng mga mag-aaral gamit ang MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik

BILANG NG LAS	MEAN	BAHAGDAN	DESKRIPSYON
1	8.0	80%	Kasiya-siya
2	8.2	82%	Kasiya-siya
3	8.4	84%	Kasiya-siya
4	8.5	85%	Lubhang Kasiya-siya
Kabuuan	8.3	83%	Kasiya-siya
<i>*Batayan:</i>	90 – 100	<i>Mahusay</i>	
	85 – 89	<i>Lubhang Kasiya-siya</i>	
	80 – 84	<i>Kasiya-siya</i>	
	75 – 79	<i>Medyo Kasiya-siya</i>	
	<i>Pababa ng 75</i>	<i>Hindi matugunan ang mga inaasahan</i>	

Mapapansing nakakuha ng 8.0 na may bahagdang 80% ang LAS blg. 1, 8.2 na may bahagdang 82% ang LAS blg. 2, at 8.4 na may bahagdang 84% ang LAS blg. 3 na may mga parehong deskripsyon na “kasiya-siya.” Ibig sabihin na umabot sa 80-84 at ang mga ito na masasabing mataas ang mga nakuhang puntos ng mga mag-aaral sa LAS blg. 1-3 na binuo ng mananaliksik. Habang ang LAS blg. 4 ay nakakuha ng 8.5 na may bahagdan na 85% na may deskripsyon na “Lubhang Kasiya-siya”. Ibig sabihin na umabot sa 85-89 na mas mataas ang nakuhang puntos kaysa mga na unang LAS na ginawa ng mananaliksik.

Batay sa kabuang resulta ng apat nabuong MELC-Base Learning Learning Activity, ito ay nakakuah ng 8.3 at may bahagdan na 83% nakakuha ng Kasiya-siya na deskripsyon nangangahulugan na ang apat na Learning Activity Sheet ay may malaking tulong upang mapataas ang performance lebel ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino

sa Piling Larang Akademik. Samakatuwid, ito ay epektibo at mabisa upang maging tulong sa pag-aaral ng asignaturang Filipino sa Piling Larang Akademik.

Ayon kina Dwikoranto et al. (2020) mahihinuha na mabisa ang aplikasyon ng activity sheet model na ginagamit sa mga aktibidad sa pagkatuto upang mapabuti ang kahusayan sa pagkamalikhain sa siyensya at mga resulta ng pagkatuto ng mag-aaral. Ayon din sa pananaliksik na isinagawa nina Prasetyo at Mutya (2018), nagkakaroon ng positibong epekto ang paggamit ng worksheet ng kanilang mag-aaral dahil nakapukaw ito ng atensyon, malikhain at makabago na naghatid ng makabuluhang pagkatuto. Batay sa resulta ng pag-aaral ni Gonzales (2015) ay nagpapakita na ang paggamit ng modular sa pagtuturo ay mas mabisa kaysa sa tradisyonal na paraan ng pagtuturo.

Ang paggamit ng mga learning activity sheet ay nagbibigay sa mag-aaral ng kalayaang matuto at tuklasin ang mga alternatibong paraan upang suportahan ang pagkatuto nito at hindi maging limitado sa aralin na ipinakita ng guro. Na nagreresulta ng isang maayos at makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Balidasyon ng MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa Nilalaman

Matapos maisakatuparan at mabuo ang MELC-Based Learning Activity Sheets sa pagtuturo ng Filipino sa Piling Larang Akademik, nagtungo ang mananaliksik sa iba't ibang gurong eksperto nang sa gayon ay sumailalim sa balidasyon ang nabuong MELC-Based Learning Activity Sheets. Makikita sa Talahanayan 2 ang resulta ng balidasyon ng mga gurong eksperto na nagbalido ng MELC-Based Learning Activity Sheets batay sa nilalaman. Ayon sa lumabas na resulta ang LAS blg. 4 ang may pinakamataas na weighted mean na 4.96 at may deskripsyong lubos na Katanggap-tanggap. Hindi naman lumalayo ang weighted mean ng LAS 1 na may 4.76, LAS 2 na may 4.84, at LAS 3 na may 4.94 at lahat may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap.

Talahanayan 2. Balidasyon ng MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa Nilalaman

BILANG NG LAS	MEAN	DESKRIPSYON
1	4.76	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
2	4.84	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
3	4.94	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
4	4.96	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
<i>*Batayan:</i>	4.21 – 5.00	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
	3.41 – 4.20	<i>Katanggap-tanggap</i>
	2.61 – 3.40	<i>Bahagyang Katanggap-tanggap</i>
	1.81 – 2.60	<i>Hindi Katanggap-tanggap</i>
	1.00 – 1.80	<i>Lubos na Hindi Katanggap-tanggap</i>

Batay sa lumabas na resulta, ang MELC-Based Learning Activity Sheets na sumailalim sa pagbabalido batay sa nilalaman ay kinakitaan ng lubos na Katanggap-tanggap na deskripsyon. Ang nilalaman ay ibinatay sa pangangailangan ng mga mag-aaral na kung saan ay inangkla sa pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto o Most Essential Learning Competencies (MELC) ng asignaturang Filipino sa Piling Larang Akademik.

Inilahad ni Resuma (2007) na ang nilalaman ay dapat tumutugon sa mga pangangailangan, interes, kakayahan ng mga mag-aaral, angkop sa paksa at mga kasanayang dinedvelop, at kaugnay ng mga tiniyak na layunin na pumapaloob sa binuong supplemental na kagamitan. Sang-ayon kay Byrd (2006), mayroong tatlong mahalagang salik na dapat pagtuunan ng pansin sa pagdidisenyo, pagpili at paggamit ng isang kagamitang panturo. Ito ay ang kaangkupan sa pagitan ng kurikulum at teksto, kaangkupan sa pagitan ng mga mag-aaral at teksto, at kaangkupan sa pagitan ng guro at ang teksto.

Balidasyon ng MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa Pormat

Makikita sa Talahanayan 3 ang resulta ng balidasyon ng mga gurong eksperto na nagbalido ng MELC-Based Learning Activity Sheets batay sa Pormat. Ayon sa lumabas na resulta ang LAS blg. 4 ang may pinakamataas na weighted mean na 4.90 at may deskripsyong lubos na Katanggap-tanggap. Hindi naman lumalayo ang weighted mean ng LAS 1 na may 4.69, LAS 2 na may 4.79, at LAS 3 na may 4.75 at lahat may deskripsyong Lubos na Katanggap-tanggap.

Ang Pormat ng MELC-Based Learning Activity Sheets ay ginawa sa pamamagitan ng titik, ilustrasyon, disenyo at layout kaya naman ito ay nagtataglay ng angkop na laki at istilong ginamit na font. Payak at madaling makita ang mga guhit at larawan. Ang ilustrasyon ay nakadaragdag ng paliwanag sa teksto. Kanais-nais at malikinhain ang pagkagamit ng mga ilustrasyon. Kaakit-akit, kaaya-aya tignan, payak, at magkatugma ang mga pinagsamang elemento tulad ng ilustrasyon at teksto sa loob ng nabuong kagamitan. Kaya naman kapansin-pansin at nakakaagaw ng atensyon na siyang nakapanghihikayat upang mas mauanawaan ang bawat nilalaman ng MELC-Based Learning Activity Sheets.

Ang kahusayan ng mga guro ay maaaring magpatibay sa pag-aaral sa gitna ng kakulangan sa pag-aaral ng mga materyal, hindi pa rin ito maitatatwa na hindi sapat at magandang kalidad ng pag-aaral ng mga kagamitan sa pag-aaral ay lubhang nakakaapekto sa pag-aaral (Tan & Coral, 2017).

Ayon sa pahayag ni Badayos (2012), ang pagkamalikhain ay nagpapahayag ng pagiging orihinal kaya naman sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, ang mga guro ay dapat maging malikhain upang mabigyan ng bagong kaanyuan at naiibaang pagtingin ang isang kagamitan. Ang pag-aaral nina Halamish, Nachman, at Katzir (2018),

nagpapahiwatig na ginagamit ng mga bata ang laki ng font bilang isang pahiwatig kapag sinusubaybayan ang kanilang sariling pag-aaral at mahuhulaan ang mas mahusay na memorya para sa mas malaking mga font ng salita, at mas natatandaan nila ang mas malalaking mga font ng salita. Ayon rin kina Nafiseh at Balakrishnan (2014), ang mga letra ang naging pangunahing elemento upang ihatid ang mga mensahe. Ito rin ay naging isang mahalagang bahagi para sa pag-aaral. Ang paggamit ng mga ilustrasyon sa kagamitang pangturo ay isang mabisang paraan upang suportahan ang pag-aaral dahil maaari itong magamit bilang kagamitang nakakaagaw ng interes at nakakatulong din ito sa mag-aaral na bigyang-kahulugan at tandaan ang konteksto ng isinalarawang teksto (Park & Lim, 2004).

Talahanayan 3. Balidasyon ng MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa Pormat

BILANG NG LAS	MEAN	DESKRIPSYON
1	4.69	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
2	4.79	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
3	4.75	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
4	4.90	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
*Batayan:	4.21 – 5.00	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
	3.41 – 4.20	<i>Katanggap-tanggap</i>
	2.61 – 3.40	<i>Bahagyang Katanggap-tanggap</i>
	1.81 – 2.60	<i>Hindi Katanggap-tanggap</i>
	1.00 – 1.80	<i>Lubos na Hindi Katanggap-tanggap</i>

Ayon din kay Setubal (2012), nagkakaroon ng impak ang kagamitang panturo sa pamamagitan ng novelty gaya ng di pangkaraniwang paksa, ilustrasyon at mga gawain. At ang pagkakaroon ng kawili-wiling presentasyon sa pamamagitan ng paggamit ng makatawag pansing mga kulay, maraming espasyo, at paggamit ng larawan. Ito ay nagbibigay ng interes sa mga mag-aaral upang gamitin ang kagamitang nabuo.

Balidasyon ng MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa Presentasyon at Organisasyon

Mahusay at malinaw ang pagkakasunod-sunod ng bawat presentasyon at organisasyon sa bawat MELC-Based Learning Activity Sheets. Ang paglalahad ng mga konsepto ay nakakahikayat ng aktibong pakikilahok, kapana-panabik at madaling maunawaan. Kakikitaan ng lohikal at maayos na daloy ng kaisipan. Ang antas ng bokabularyo ay angkop sa karanasan at antas ng pag-unawa ng mambabasa. Ang haba ng mga pangungusap ay angkop sa antas ng pag-unawa ng mga mambabasa at nakapupukaw sa interes ng mga mambabasa.

Makikita sa Talahanayan 4 ang resulta ng balidasyon ng mga gurong eksperto na nagbalido ng MELC-Based Learning Activity Sheets batay sa presentasyon at organisasyon. Ayon sa lumabas na resulta ang LAS blg. 4 ang may pinakamataas na

weighted mean na 4.94 at may deskripsyong lubos na Katanggap-tanggap. At ang LAS 2 at LAS 3 na may parehong weighted mean na 4.92 na may deskripsyong lubos na katanggap-tanggap. Hindi din na lalayo ang weighted mean ng LAS 1 na 4.90 na may deskripsyong lubos na katanggap-tanggap.

Talahanayan 4. Balidasyon ng MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa Presentasyon at Kaayusan

BILANG NG LAS	MEAN	DESKRIPSYON
1	4.90	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
2	4.92	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
3	4.92	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
4	4.94	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
<i>*Batayan:</i>	4.21 – 5.00	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
	3.41 – 4.20	<i>Katanggap-tanggap</i>
	2.61 – 3.40	<i>Bahagyang Katanggap-tanggap</i>
	1.81 – 2.60	<i>Hindi Katanggap-tanggap</i>
	1.00 – 1.80	<i>Lubos na Hindi Katanggap-tanggap</i>

Tiniyak na ang mga konseptong nakapaloob sa MELC-Based Learning Activity Sheets ay naiintindihan ng mga mag-aaral at lubhang katanggap-tanggap ang presentasyon at organisasyon ng nabuong kagamitan upang ang mga mag-aaral ay hindi makakatagpo ng kalituhan sa pag-unawa. Ang paglalahad ng mga konsepto ay nakakahikayat ng aktibong pakikilahok, kapana-panabik at madaling maunawaan. Kakikitaan ng lohikal at maayos na daloy ng mga kaisipan. Ang pagkakaroon ng maayos na daloy sa loob ng kagamitang pagpakatuto ay nararapat upang maging maayos ang pagkatuto ng mga mag-aaral

Sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo, kinakailangan itong nagtataglay nang maayos na pagkakalahad ng panuto, gawain, at pagsasanay nang sa gayon ay maisagawa ito nang tama ng mga mag-aaral. Nakasalalay sa kaayusan ng pagkakalahad ang pagkatuto ng mga mag-aaral (Badayos, 2012).

Binigyang-diin sa pag-aaral ni Marino (2004), ang isang mahusay na binuong materyal sa pagtuturo ay lubos na makakatulong sa pagganap ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng materyal sa pagtuturo ay ginagawan mas madali at pangmatagalan ang pagkatuto. Ito ay sa pamamagitan ng maayos na paglalahad ng nilalaman at kaangkupan talakayan sa layunin ng aralin.

Balidasyon ng MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa Kawastuhan

Makikita sa Talahanayan 5 ang resulta ng balidasyon ng mga gurong eksperto na nagbalido ng MELC-Based Learning Activity Sheets batay sa kawastuhan. Ayon sa

lumabas na resulta ang LAS 1, LAS 2, LAS 3 at LAS 4 ang may mga weighted mean na 4.46, 4.21, 4.44, at 4.44 na may deskripsyong walang mali. Ngunit hindi pa rin ito nangangahulugan na ang nabuong MELC-Based Learning Activity Sheets ay hindi na kailangang duman pa sa rebisyon.

Ang kalidad ng pagkatuto ay nagbibigay din ng kakayahan sa mga guro na mas matulungan at gabayan ang mga mag-aaral sa pagtupad ng mga kasanayan, kaalaman, at karanasan na susuporta sa mga mag-aaral sa paaralan at buhay (Hernando-Malipot, 2021). Kailangang maging maingat sa mga ibinibigay na mga kagamitang pagkatuto sa mga mag-aaral dahil upang di magkaroon ng kalituhan sa mga impormasyong kanyang nakukuha. Ayon kay Badayos (2012), nakasalalay sa kaayusan ng pagkakalahad ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Kinakailangang ito ay nagtataglay ng kaangkupan ng mga nilalaman nang sa gayon ay maisagawa ito nang tama ng mga mag-aaral.

Talahanayan 5. Balidasyon ng MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino Sa Piling Larang Akademik batay sa Kawastuhan

BILANG NG LAS	MEAN	DESKRIPSYON
1	4.46	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
2	4.21	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
3	4.44	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
4	4.44	LUBOS NA KATANGGAP-TANGGAP
*Batayan:	4.21 – 5.00	<i>Lubos na Katanggap-tanggap</i>
	3.41 – 4.20	<i>Katanggap-tanggap</i>
	2.61 – 3.40	<i>Bahagyang Katanggap-tanggap</i>
	1.81 – 2.60	<i>Hindi Katanggap-tanggap</i>
	1.00 – 1.80	<i>Lubos na Hindi Katanggap-tanggap</i>

Ang mga natukoy na maliliit na kamalian ay maaari pa ring gamitin bilang isang paraan upang mapadali ang bagong pag-aaral, upang mapahusay ang memorya para sa pagbuo ng mga tamang tugon at upang idirekta ang atensyon ng mag-aaral habang hinahayaan ang guro na malaman ang pokus ng talakayan (Madrazo & Dio, 2020).

Ang apat (4) na nabuong MELC-Based Learning Activity Sheets batay sa nilalaman, pormat, presentasyon at organisasyon ay nakakuha ng deskripsyong lubos na katanggap-tanggap habang ang balidasyon ng MELC-Based Learning Activity Sheets batay kawastuhan ay nakakuha ng deskripsyong walang mali mula sa balidasyon ng mga ekspertong mga guro gamit ang tseklis na mula sa Learning Resource Management and Development System. Naglaan ng open-ended na bahagi ang talatanungan sa mga komento at mungkahi sa mga rebisyon.

Ayon sa mga gurong eksperto na nagsagawa ng balidasyon sa apat na nabuong MELC-Based Learning Activity Sheets ay may mga mungkahi at komento ayon sa mga salita at titik na kailangan muling tignan upang ayusin dahil ang iilan ay may kulang at

mayroon taypograpikal. May mga salitang kailangang palitan o alisin upang mas maging angkop ito.

Ang layunin at mga gawain ay nakaangkla batay sa Most Essential Learning Competence (MELC) na pinalabas ng Kagawaran ng Edukasyon. Sa kabuuhan mungkahi at komento mula sa mga ekspertong guro ay napakahusay ng pagkakabuo ng MELC-Based Learning Activity Sheets at ang mga ito ay napapanahon sa kasalukuyang pangangailangan ng edukasyon sa panahon ng pandemya.

Sa makatuwid ang nabuong MELC-Based Learning Activity Sheets ay kapaki-pakinabang sa mga mag-aaral at mga guro pagdating sa pagkatuto at pagtuturo. bukod pa rito, hindi maitatwa na ang nabuong kagamitan sa pagtuturo ay sumusunod sa layuning ng Kagawaran ng Edukasyon na magpalaganap ng makalidad na edukasyon para sa lahat.

Ayon sa konklusyon ng pag-aaral ni Columbano (2019), ang nais na performance ay maaaring makamit ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas ng kakayahan sa kondisyon na ang mga binuo modyul ay mahusay na nabuo at ang mga paksa ay pagkakasunud-sunod, nakasulat sa simpleng wika; mga halimbawa at problemang angkop sa mga konseptong iniharap, at sapat na ang mga ito para sa pagtatamo ng kahusayan sa paksa; ang mga tanong sa mga gawain ay naghihikayat sa mga mag-aaral na pag-aralan nang aktibo ang aralin, at malamang na makinabang ang mga mag-aaral sa ganitong paraan ng pagtuturo dahil mas marami silang pagkakataong pag-aralan ang mga paksa.

KONGKLUSYON

Batay sa resulta ng isinagawang pag-aaral, nabuo ng mananaliksik ang mga sumusunod na konklusyon: ang performance lebel ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Piling Larang Akademik ay may deskripsyong kasiya-siya na nangangahulugan na ito ay may malaking tulong upang mapataas ang performance lebel ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ito ay epektibo at mabisa upang maging tulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Piling Larang Akademik. Ang nabuong apat na MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik ay sinuri at binalido ng mga gurong eksperto nang sa gayon ay maging matibay ang katunayang ang learning activity sheet ay maaaring gamitin sa pagtamo ng pagkatuto at pagtuturo. Lumabas sa resulta ng balidasyon sa MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik ayon sa nilalaman, pormat, presentasyon at organisasyon ay may interpretasyon na lubos na katanggap-tanggap habang ang balidasyon ayon sa kawastuhan ay may interpretasyon na walang mali. Ang nabuong kagamitan ay maayos na binalangkas at ginawa ng mananaliksik upang makamit ang inaasahang layunin ng Kagawaran ng Edukasyon para sa mga mag-aaral kahit na sa panahon ng pandemya.

REKOMENDASYON

Matapos ang pag-aaral at pagsusuri ng mga natuklasan, inimumungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod na rekomendasyon: Batay sa resulta ng performance lebel ng mga mag-aaral sa isinagawang lagumang pagsusulit ay iminumungkahi na ito ay ipagpatuloy na gamitin at paunlarin pa sa mga susunod na pag-aaral upang makamit ang mas mataas na pagganap ng mga mag-aaral at lalong makamit ang inaasam na layunin ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang mga nabuong MELC-Based Learning Activity Sheets sa Filipino sa Piling Larang Akademik ay maaaring gamitin bilang kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto hindi lamang sa distance learning pati na rin sa harapang pagtuturo. Ang mga guro ay hinihikayat tumuklas ng iba pang dulog, pamamaraan, at estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Lrang akademik at iba pang asignatura. Gayundin ang pagbabalangkas ng mga kagamitang pampagkatuto lalo na sa panahong katulad ng pandemya at sa harapang pagtuturo.

PAGKILALA

Ang pag-aaral na ito ay hindi magkakaroon ng katuparan kung hindi dahil sa tulong at suporta ng mga taong naniniwala sa layunin ng mananaliksik, kung kaya't taus pusong nagpapasalamat ang mananaliksik

SANGGUNIAN

- Abesamis, N. R., Angeles, C. I., Babasoro, P. R., Bulaong, J. C., Salvador, J. S., Suratos, M. M., Tuazon, M. N. Q., & Villanueva, J. M. (2006). *Komunikasyon sa Akademikong Filipino (Filipino I sa Kolehiyo)*. Lungsod ng Valenzuela: Mutya Publishing House Inc.
- Badayos, P.B(2012). *Metodolohiya sa pagtuturo ng wika: mga teoray, simulain at istratehiya*. Makati City, PH:randwater Publications and Research Corporation
- Bernardo, J. (2020, July 30). *Modular Learning most preferred parents: DepEd*. ABS-CBN News. Retrieved from <https://news.abs-cbn.com/news/07/30/20/modular-learning-most-preferred-by-parentsdeped>
- Byrd, P. (2006). *Textbook:Evaluation for Selection and Analysis for Implementation, Teaching of English as a Second or Foreign Language 3rd Ed*. USA: Heinle & Heinle.
- Cabigao, J. R. (2012). Action research: Magsikap. Mamulat. Magsulat. Pagpapaunlad sa batayang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino baitang 7, Pamarawang High School. Retrieved from <https://www.researchgate.net/publication/337110884>
- Columbano, M. (2019). Development and validation of modules in basic mathematics to enhance students' mathematics performance. *International Journal of Innovative Technology and Exploring Engineering*, 8(12), 4203–4207. <https://doi.org/10.35940/ijitee.L2684.1081219>
- Discaya, R. B., & Marbella, F. D. (2021). Pagsusuri sa pagsulat ng techvoc strand sa senior high school tungo sa pagbuo ng rehistro ng wikang Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(8), 25-34. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.613>
- DO no. 018, s. 2020 (2020). *Policy Guidelines for the Provision of Learning Resources in the Implementation of the Basic Education Learning Continuity Plan*. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/08/DO_s2020_018.pdf

- Dwikoranto, Setiani, R., Widuroyekti, B., Tresnaningsih, S., Sambada, D., Setyowati, T., Rohman, A., & Harnoto, B. T. (2020). The Effectiveness of the Student Activity Sheet (SAS) on Teaching-Learning and Creativity (TLC) Model to Increase Creativity Competence. *Studies in Learning and Teaching*, 1(3), 175-184. <https://doi.org/10.46627/silet.v1i3.36>
- Gonzales, E. (2015). A modular approach utilizing decision tree in teaching integration techniques in calculus. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3(3), 52-58.
- Halamish, V., Nachman, H., & Katzir, T. (2018). The effect of font size on children's memory and metamemory. *Frontiers in Psychology*, 9.
- Hernando-Malipot. (2021, January 6). DepEd issues guidelines on evaluation of self-learning modules. Manila Bulletin. Retrieved from <https://mb.com.ph/2021/01/06/depd-issues-guidelines-on-evaluation-ofself-learning-modules/>
- Jayaram, K. and Dorababu, K.K. (2015). "Self learning materials in distance education system", *International Journal of Current Research*, 7, (10), 21929-21934.
- Julian, A., & Lontoc, N. (2016). *Pinagyamang Pluma Filipino sa Piling Larang (Akademik)*. Quezon City, Philippines :Phoenix Publishing House, Inc.
- Madrado, A. & Dio, R. (2020). Contextualized learning modules in bridging students' learning gaps in calculus with analytic geometry through independent learning. *Journal on Mathematics Education*, 11, 457-476. doi: 10.22342/jme.11.3.12456.457-476.
- Marino, W.P. (2004). *Development, validation and effectiveness of plane trigonometry work text for the first year college students* (master's thesis). URS-Antipolo, Philippines.
- Nafiseh, H. & Balakrishnan, M. (2014). The effects of font type and spacing of text for online readability and performance. *Contemporary Educational Technology*, 5. doi: 10.30935/cedtech/6122.
- Park, S., & Lim, J. (2004). The effect of graphical representation of science text on the learner's learning interest and achievement in multimedia learning. *Proceedings of the Association for Educational Communications and Technology (AECT) World Conference*, Chicago, Illinois.
- Pokhrel, S., & Chhetri, R. (2021). A literature review on impact of covid-19 pandemic on teaching and learning. *Higher Education for the Future*, 8(1), 133-141. <https://doi.org/10.1177/2347631120983481>
- Prasetyo, Z., & Mutya N. (2018). The effectiveness of students' worksheet based on multiple representation to increase creative thinking skills. *Journal of Education and Learning (EduLearn)*, 12(4), 631-637. Retrieved from http://journal.uad.ac.id/index.php/EduLearn/article/view/8487/pdf_287
- Purpose of teaching and learning materials. (2020, October 25). *Open Learn Create*. Retrieved October 15, 2021, from <https://www.open.edu/openlearncreate/mod/page/view.php?id=168509>
- Resuma, V. M. (2007). *pagsusulit sa pagkuha ng lisensya para sa mga guro (let)*, reviewer sa Filipino. Quezon City, Philippines:C & E Publishing, Inc.
- Rogayan, D.V., & Dollete, L.F. (2019). Development and validation of physical science workbook for senior high school. *Science Education International*, 30, 284-290.
- Setubal, J.S (2012). *Paghahanda at pagtatayang workteks sa ikatlong baitang gamit ang kiniray-a tugon sa kurikulum ng k-12 at MTB-MLE*. Philippines:Philippine Normal University. Retrieved 11 November 2021 mla <https://www.academia.edu/9162329>
- Subedi, S., Nayaju, S., Subedi, S., Shah, S. K., Shah, J. M. (2020). Impact of e-learning during COVID-19 pandemic among nurshing students and teachers of Nepal. *International Journal of Science and Healthcare Research*, 5(3), 68-76
- Tan, M. L., & Coral, R. (2017). Acceptability level of the deped-produced grade 7 biology modules as perceived by science teachers. *Interdisciplinary Research Journal*, 6(1), 48-63.